# Shutanginamers: Analysis Sa Kultura Ng Pang-Uuyam Sa Pangkat Homosexual

***Shutanginamers: Analysis of the Cursing Culture among Homosexuals***

**AVILES, CHARLON LARI C.**
**CASTRO JUNE S.**
**ESPIRITU, PRINCESS R.**
**MEJIA, ALDRIN M.**
**SALVATIERRA, NICAMARI DC.**
**SANTOS, CHERRY JANE R.**
**SUÑEGA, EDGARDO JR. S.**

*Abstract* — The LGBTQIA+ community is a group within society that often possesses complex and colorful stories, and like their vibrant personalities, they also have a colorful way of using language. Part of their cultural speech includes colorful satire. According to the Komisyon sa Wikang Filipino, satire involves the use of words that are hurtful or offensive to feelings; mockery, ridicule. This group has created modern words that are commonly used by the youth today. This study focuses on the culture of cursing among homosexuals. A qualitative research design was used to facilitate the collection of responses regarding the study's problem. Random population sampling was employed in selecting participants from three selected provinces in Luzon, such as Nueva Ecija, Pangasinan, and Benguet. The chosen participants have sufficient knowledge and ability to answer questions regarding the culture of cursing among homosexuals. The researchers conducted interviews to meet the study's general objective. Frequency Analysis was the method used to interpret the collected data. Based on the results, this study proved that the words commonly used by homosexuals in cursing include "shuta," "shutangina," "gaga," "kapotek," and others. These words are uttered based on their particular feelings and experiences. These words are mentioned by the participants as a result of intense emotions such as anger and joy. They also use these words to hide the true meaning of the words they want to say. Because of these contexts, a dictionary of satirical words can be created to guide language teachers. Future researchers should conduct a deeper study on the etymology of modern words used in communication.

***Keywords — Culture, Curse words, Homosexual***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

*Abstrak* — Ang mga LGBTQIA+ ay isang pangkat sa komunidad na karamihan ay nagtataglay ng masalimuot at makukulay na kuwento, at madalas kagaya ng makulay nilang personalidad ay mayroon din silang makulay na pamamaraan sa paggamit ng wika. Bahagi rin ng kultura ng kanilang pananalita ang makulay na pang-uuyam. Ang pang-uuyam ayong sa Komisyon sa Wikang Filipino ay ang pag-uukol ng mga salitang nakasasakit o mapanákit sa damdamin; panlilibak, pangungutya. Ang pangkat na ito ay nakabubuo na ng mga makabagong salitang karaniwan nang ginagamit ng mga kabataan sa panahon ngayon. Ang pag-aaral na ito ay pumapaksa sa kultura ng pagmumura ng mga homoseksuwal. Gumamit ng Kuwalitatibong disenyo ng pananalisik upang mapabilis ang pangangalap ng mga tugon hinggil sa suliranin ng pag-aaral. Gumamit ng ramdom population sampling sa pagpili ng mga kalahok na mula sa tatlong piling lalawigan sa Luzon, tulad ng Nueva Ecija, Pangasinan, at Benguet. Ang mga napiling kalahok ay may sapat na kaalaman at kakayahan upang sagutin ang mga tanong hinggil sa kultura ng pagmumura ng pangkat homoseksuwal. Nagsagawa ng panayam ang mananaliksik upang matugunan ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral. Frequency Analysis ang ginamit na pamamaraan upang bigyang interpretasyon ang mga nakalap na datos. Batay sa naging resulta, napatunayan ng pag-aaral na ito na karaniwan sa mga salitang ginagamit ng mga homoseksuwal sa pagmumura ay ang mga salitang shuta, shutangina, gaga, kapotek at iba pa. Ang pagsambit nito ay namumutawi lamang kung ano ang kanilang partikular na nararamdaman at nararanasan. Ang mga salitang ito ay nababanggit lamang ng mga kalahok bunga ng kanilang matinding emosyon tulad ng galit at tuwa. Gayundin ginagamit nila ang mga salitang ito upang maitago ang tunay na kahulugan ng mga salitang nais nilang sambitin. Dahil sa mga sanligang ito, Makabubuo ng isang diksyunaryo tungkol sa mga salitang pang-uuyam na magiging gabay ng mga gurong nagtuturo ng wika. Sa mga susunod na mananaliksik, magkaroon pa ng mas malalim na pag-aaral tungkol sa etimolohiya ng mga makabagong salitang ginagamit sa pakikipagtalastasan.

***Mga susing salita:*** *homoseksuwal, pagmumura, kultura*

## I. Introduksyon

"Syutanginamers! Ikaw na antagal naman ses mag nomo ites!

Dinamiko, nagbabago, umuunlad at sumasabay sa makabagong panahon, iyan ang wikang Filipino. Ang pahayag sa huli ay kasasalaminan ng kulturang maoobserbahan mula sa isang karaniwang pagtitipon o pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino, nag-ugat o nagmula sa mga bibig ng mga homoseksuwal na ngayon ay maririnig na rin kahit sa bibig ng mga karaniwang Pilipino. Ang mga salitang ito ay nabubuo bunga ng prosesong tinatawag na Neolohismo, isang proseso ng pagbuo ng mga salita upang tumbasan ang mga kaisipang wala pang katumbas na kataga sa leksikon ng isang wika.

Binanggit sa pananaliksik ni Velasquez (2023), na ang wikang balbal ay likha ng mga taong may malilikhaing pag-iisip. Ilan sa mga halimbawa ng wikang balbal ay ang mga sumusunod: *oks mula sa salitang okay, wa epek mula sa salitang walang epekto, pipol mula sa salitang tao, sinetch etey? mula sa saliting sino ito?, swak mula sa salitang tama at marami pang iba*. Ayon sa pag-

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

aaral ni isinagawa nina (Aldaca & Villari, 2012) ang wikang balbal ang pinakatumpak na halimbawa nito. Katatangi-tangi na ang wika ay dinamiko at ang resulta nito ay ang wikang balbal na siyang nabuo at nagkaroon ng panibagong kahulugan, katawagan at arte sa pagsasalita. Halimbawa ay ang mga salitang *shunga na nangangahulugang tanga o isang tao na hindi nag-iisip ng maayos, green (berde) na tumutukoy sa isang taong marumi mag-isip o nag-iisip ng maruruming bagay, nganga o walang magawa o walang ginagawa na palaging nakatunganga, tigidig o tawag sa maraming tigyawat sa mukha ng isang tao, lobat na nangangahulugang karamdaman ng tao na pagod na o nauubusan ng enerhiya upang gawin ang isang bagay. Maaaring tinatamad nang kumilos at hindi na gumagana ang isipan at iba pa.*

Ang mga homoseksuwal ay isang pangkat sa komunidad na karamihan ay nagtataglay ng masalimuot at makukulay na kuwento, at madalas kagaya ng makulay nilang personalidad ay mayroon din silang makulay na pamamaraan sa paggamit ng wika. Bahagi rin ng kultura ng kanilang pananalita ang makulay na pang-uuyam. Ang pang-uuyam ayong sa Komisyon sa Wikang Filipino ay ang pag-uukol ng mga salitang nakasasakit o mapanákit sa damdamin; panlilibak, pangungutya. Ang pangkat na ito ay  nakabubuo na ng mga makabagong salitang karaniwan nang ginagamit ng mga kabataan sa panahon ngayon. Katulad na lamang ng salitang “shutanginamers” na nagging talamak nang gamitin sa pakikipagtalastasan ng mga Kabataan.

Sa kabuoan, masasabi na makikita ang impluwensiya ng pananalita ng mga kasapi sa homoseksuwal sa pamamaraan ng pananalita ng mga mamamayan sa Lipunan at maging sa kultura ng mga Pilipino, ito ang nagtulak sa mga mananaliksik upang talakayin at saliksikin ang kultura ng pananalita o pang-uuyam ng mga kasapi sa komunidad ng homoseksuwal. Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito ang malaman at masuri ang kulturang nakapaloob sa diskursong kinapapalooban ng mga pang-uuyam sa pagitan ng mga kasapi ng homoseksuwal.

**Kaugnay na Literatura at Pag-Aaral**

Ang wika ay buhay at nagbabago, isang patunay sa katangiang ito ng wika ang mga salitang nalilikha sa pagdaan ng iba’t ibang henerasyon. Isa sa pinakapopular na salita sa kasalukuyang panahon ay ang mga salitang nalilikha ng mga grupo ng homoseksuwal o mas kilala sa tawag na gay lingo. Ngunit sa paglipas ng panahon ang wikang ito ay unti-unti na rin nagbabago tulad ng ibang mga wika, (Papua et.al, 2019).

Ang wika ng mga gay ay isang natural na branch ng sub-kultural na nilikha ng mga miyembro ng ikatlong kasarian. Ito ay inihalintulad sa mga mamayan sa Inglatera na itinakwil ng kanilang lipunan, tio ay isang paraan ng paghihimagsik nila, sapagkat ang mga homosexual ay kasariang hindi kinikilala ng lipunan kaya lumikha sila ng isang mundong tanggap sila,

Sa paglalarawan ng mga kilalang iskolar ng literaturang pambakla, ang gay language ay walang tigil na umuusbong, yumayabong, pabago-bago ang anyo at kahulugan,  (Pamittan et.al 2017).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ayon kay Marquez (Philippine Star, September 9, 2021) na binaggit sa pag-aaral ni Cortez isa sa pinakadinamikong wika na limalaganap sa Pilipinas ay ang baklese o ang gay language. Hindi maitatanggi na laganap na sa Pilipinas ang wikang ito.

Binaggit din ni (Romero, 2019) na ang wika ng mga bakla sa Pilipinas ay isang wikang pidgin, na nalikha ng mga Filipino mula sa ikatlong kasarian na likas lamang sa kanila upang magamit sa pakikipagkomunikasyon sa katulad din nila ng kasarian, na may layuning itago ang tunay na kahulugan ng mga salitang kanilang ipinahahayag.


Sa pag-aaral ni (Amante, 2021), binanggit niya na ang komunidad ng mga bakla sa Pilipinas ay lumikha ng mga salitang batay sa orihinal na salita na may ibang kahulugan. Sila rin ay nakabubuo ng mga salita at inaayos ito upang maging neutralisado dahil sa pagbabago nito sa paglipas ng panahon.

Iba-iba naman ang dahilan kung bakit nalilikha ang mga baklang salita, ang pangunahing dahilan na binanggit ni (Moral, 2022) ay upang maging kakaib o naiiba sa ibang tao, ito ay nagsisilbing kanilang pagkakakilanlan o matanggap sa isang grupo upang maging malikhain at makapagdulot ng kasiyahan.

Ayon naman kay (Nuncio, 2021) ang kahulugan ng mga salitang bakla ay mula sa mga katangian o katotohanan tungkol sa mga pangyayari, lugar, at pigura.

Nagbanggit din si (Casabal, 2008) ng nga dahilan kung bakit nakalilikha ng mga salitang bakla sa pamamagitan ng koda, una ay upang maitago nila ang ilang mga nais nilang sabihin mula sa ibang tao at maging Malaya sa pagsasalita kapag sila ay nakapaligid sa mga taong tuwid ang kasarian.

**Konseptuwal na Balangkas**




Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Paglalahad ng Suliranin**

Nais malaman ng pananaliksik na ito ang kulturang nakapaloob sa mga pang-uuyam sa pangkat homoseksuwal. Nilayon nitong sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga salitang karaniwang ginagamit ng mga homoseksuwal sa pagmumura?
2. "Saan karaniwang hinahango ng mga homoseksuwal ang kanilang mga salitang ginagamit sa pagmumura?
3. Ano ang kulturang nakapaloob kung bakit nila kadalasang ginagamit ang mga salitang pagmmumura?'

## II. Metodolohiya

**Disenyo ng Pag-aaral**

Kwalitatibong pamamaraan ang ginamit sa pag- aaral na ito. Ang kwalitatibong pananaliksik naman ay kinapapalooban ng mga uri ng pagsisiyasat na ang layunin ay malalimang unawain ang mga terminong ginagamit ng mga homosexual lalo na sa kultura ng kanilang pagmumura. Upang kalapin ang kinakailangang datos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng panayam. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang disenyo ng pag-aaral na ito ay mainam upang makita na ang pag- uugali ng isang indibiduwal ay laging nakabatay mula sa mas malawak na kontekstong nararanasan nito at ang mga realidad sa panlipunang konteksto halimbawa na lamang ang kultura, at ang ugnayang pantao na hindi maaaring mabilang o masukat. Inilahad nina Tenny et. al (2022), na mainam ang kuwalitatibong disenyo kapag nais na tuklasin at bigyan ng malalim na kabatiran ang mga pangyayari sa tunay na buhay. Nililikom nito ang karanasan, persepsiyon at pag-uugali ng mga tagatugon sa pananaliksik. Sinasagot rin nito ang tanong na "paano" at "bakit" sa halip na "ilan" at "magkano".

**Lokasyon ng Pag- aaral**

Isinagawa ang pananaliksik sa Apat piling mga lalawigan sa Luzon. Ito ay ang Nueva Ecija, Pangasinan, La Union, at Benguet.

Sa Filipino, tinatawag na "Bagong Esiha" o "Nuweba Esija" ang lalawigan ng Nueva Ecija na matatagpuan sa rehiyon ng Gitnang Lungsod. Tinagurian itong "Rice Granary of the Philippines" sapagkat agrikultura pinangunahan nito ang produksyon ng pangunahing pagkain ng bansa sa panahon ng ikadalawampu siglo. Lungsod ng Palayan ang kabisera ng lalawigan habang ang lungsod ng Cabanatuan naman ang pinakamalaking siyudad rito.

Batay sa tala ng www.pangasinan.gov.ph, ang bayan ng Umingan, Pangasinan ay may kabuuang 25, 853 hektarya at may populasyong 77, 074 sa isinagawang census noong 2020.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

Nabibilang ito sa Rehiyon I o Rehiyon ng Ilocos. Pangunahing pangkabuhayan ang pagsasaka at pag-aalaga ng hayop.

Ang La union ay isa sa mga lalawigang coastal ng Pilipinas mula sa Rehiyon Uno o Ilocos Region. Ang Kapital nito ay San Fernado na isa sa nagsisilbing sentro ng Ilocos Region. Ang probinsya ay may laki na 1,498km$^2$ at may populasyon na 822, 352 ayon sa tala ng Philippine Statistics Office.

Matatagpuan naman sa Timog ang lalawigan ng Benguet na saklaw ng Cordillera Administrative Region (CAR). Mayroong 460, 000 taong nakatira sa nasabing probinsiya batay sa tala ng www.benguet.gov.ph noong 2020. Mayaman ito sa likas na yaman – tubig, mineral, bulubundukin, Itinuturing na ‘melting pot’ ng magkakaibang tao at samu’t saring kultura ang lungsod ng Baguio.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng lugar at bilang ng mga respondante. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng random papulation sampling sa mga respondante na lumahok sa pag-aaral. Ang mga nasabing respondante ay napili sapagkat sila ay may sapat na kaalaman at kakayahan na masagot ang mga inihandang katanungan patungkol sa mga Kultura ng Pagmumura sa Pangkat Homosexual.

**Talahanayan 1. Bilang ng mga Homosexual**

| LUGAR | BILANG NG HOMOSEKSUWAL |
|---|---|
| Umingan, Pangasinan | 20 |
| Asingan, Pangasinan | 30 |
| Urdaneta, Pangasinan | 25 |
| Guimba, Nueva Ecija | 23 |
| San Jose, Nueva Ecija | 25 |
| Gapan, Nueva Ecija | 35 |
| Sto. Domingo Nueva Ecija | 28 |
| Baguio, Benguet | 20 |
| Rosario, La Union | 20 |
| Agoo, La Union | 24 |
| KABUOAN | 250 |

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay ang mga piling homosexual mula sa Pangasinan bayan ng Umingan (20), Asingan. Pangasinan (30), Urdaneta, Panagsinan (25), Nueva Ecija bayan ng San Jose (25) at Guimba (23), Gapan, Nueva Ecija (35), Sto. Domingo, Nueva Ecija (28), Rosario La Union (20), at Agoo. La Union (24) at Benguet bayan ng Baguio (20), Sa kabuoan, may bilang na labindalawa (250) ang mga kalahok na kinuha upang sumagot sa inihandang talatanungan para sa pakikipanayam.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 4 April 2025, eISSN: 2799-0664

**Instrumento sa Pagkalap ng Datos**

Ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pakikipanayan o interview sa mga kalahok kabilang sa homoseksuwal na pangkat upang matugunan ang pangkalahatang layunin ng pananaliksik. Ayon kay Castria (2021), ang interbyu ay isang angkop na pakikipag-ugnayan sa mga tao, pag-uugali ng tao at sa gawi ng isang tao. Ito ay isang kumplikadong proseso sa kapaligiran at ang result anito ay nakaiimpluwensiysa sa galaw, gawi at asal ng tagapanayam at sa lahat na nasasangkot sap ag-aaral.

Sa pangangalap ng mga datos, ang mga mananaliksik ay bumuo ng mga katanungan o interview guide na may kaugnayan sa pag-aaral. Nagkaroon ng follow up questions ang mga gabay na tanong upang magkaroon ng paglilinaw sa mga nagiging tugon ng bawat kalahok. Nakasulat sa wikang Filipino ang mga katangungan upang madaling na maunawaan ang mga ito. Ito ang sumusunod ng mga katanungan: (1) Bilang homoseksuwal, ano-ano ang mga salitang karaniwang ginagamit sa pagmumura? (2) Ang mga naririnig mong mga salita sa loob at labas ng komunidad ay iyo rin bang ginagamit? Tulad ng? Sa mga pagmumura ng mga taong iyong naririnig, nagagaya mo ba ito? Ano ang madalas na salita o yung pagmumura na iyong naririnig? Ikaw ba ang nagmumura? Bumababa ba ang tingin mo sa taong nagmumura? (3) Kung hindi, sa inyong palagay bakit kaya nila nasasambit ang pagmumura? Ano kaya ang mga dahilan o emosyon ang nakapaloob pagdating sa pagmumura? Ikaw, kapag nagmumura ka ano ang karaniwang emosyon ang nakapaloob dito? Normal na lang ba saiyo bilang homoseksuwal ang pagmumura. (4) Nakapaloob na rin ba sa kultura ang pagmumura?

**Pamamaraan ng Pagkalap ng mga Datos**

Una, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pagpaplano. Kabilang sa pagpaplanong ito ay ang pagpili ng mga indibidwal na magiging kalahok ng pananaliksik. Tinukoy rin sa bahaging ito ang layunin ng pananaliksik na gagamitin din sa pagbuo ng mga katanungan na gagamitin sa pakikipanayamam.

Ikalawa, binigyang-oras ng mga mananaliksik ang paghingi ng konsentimiento o liham ng pahintulot upang maging makatuwiran ang isinagawang pananaliksik. Gayundin, sapat na oras ang ibinigay sa mga indibidwal para kanilang pagpapasya.

Sa ikatlong bahagi, isingawa ang pakikipanayam. Sinimulan ito sa pagpapakilala ng sarili ng mga mananaliksik. Sinundan ito ng pagtatanong ng mga katanungan hinggil sa pananaliksik. Sa huli, isinagawa ang pagtatala.

Sa ikaapat na bahagi, ipinaabot ng mga mananaliksik ang kanilang labis na pasasalamat sa mga kalahok at binigyang-pagpapanigurado na ang mga impormasyon ay kumpidensyal.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pagsusuri sa Datos**

Sa unang bahagi ng pagsusuri, isinali ang mga datos na nakalap sa isang sistematikong pamamaraan. Isinagawa ito upang siguruhing maging masusi ang isasagawang pagsusuri.

Sa ikalawang bahagi, sinuri ang mga kalahok, ang kanilang pagkatao at ang kanilang mga datos na ibinigay. Matapos ito, hinanap ang bawat pattern ng kasagutan mula sa lahat ng kalahok. Kasama rin dito ang pagkuha ng mahahalagang detalye na makatutulong sa pagsagot sa mga layunin ng pag-aaral.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Frequency Analysis, upang mas masuri ang mga mga datos, na nangingibabaw na salita o sagot ng mga kahalok sa mga katanungan gamit ang Voyant Tools.

Sa huli, binigyang interpretasyon ang mga nasuring datos gamit ang iba pang kaugnay na pag-aaral.

**Etikal na Pamamaraan**


Ito ay pinakamahagang aspeto ng pananalisik na kung saan nakapaloob ang etikal na konsiderasyon. Ang mga pamantayang etikal ay pinananatili sa buong pag-aaral sa iba't ibang paraan. Bago gumawa ng anumang hakbang upang maisagawa ang pananaliksik, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa mga napiling kalahok mula sa iba’t ibang paaralan o lugar gaya ng Nueva Ecija, Benguet, La Union, at Pangasinan.

Halaw sa pag-aaral ni (Bryman & Bell, 2007), lubos na isinasaalang-alang ang sampung mga prinsipyo sa pagsasagawa ng pag-aaral. Paghingi ng pahintulot sa mga kalahok ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay nararapat na magkaroon ng paggalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik. masiguro ng mananaliksik ang kunspidensiyal na mga datos na makakalap sa mga kalahok at ang mga panayam ay masisiguradong pribado.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. Resulta at Diskusyon

### Salitang Karaniwang Ginagamit ng mga Homoseksuwal sa Pagmumura




***Figyur 1***. *Word Cloud ukol sa mga Salitang Karaniwang Ginagamit ng mga Homoseksuwal sa Pagmumura*

Batay sa datos na makikita sa Figyur 2, mahihinuha na may mga partikular na salitang pagmumura na karaniwang ginagamit ng mga bakla sa kanilang pang-araw-araw na diskurso. Ang mga salitang ito, bagaman may negatibong kahulugan sa karaniwang gamit, ay binigyan ng bagong anyo at konotasyon sa loob ng kanilang komunidad. Kabilang sa mga ito ang salitang *"pota"*, na nagkaroon ng mga malikhaing baryasyong tulad ng *"shuta"*, *"shutaca"*, *"shutabelz"*, *"potek"*, at *"amputa"*. Samantala, ang ekspresyong *"putang ina"* ay mas pinalawig pa at pinalambot sa pamamagitan ng mga anyong *"potanginamerls"*, *"shutanginamers"*, *"shutangina"*, *"shutainames"*, *"bwakinangina"*, at *"pukinangina shit"*. Ang *"gago"* ay ginawang *"gaga"*, *"geyga"*, at *"gagi"*, habang ang *"bobo"* ay nabigyan ng mga anyong *"bobita"*, *"dulva"*, *"shunga"*, *"shungalyndingdong"*, at *"shungaers"*.

Hindi lamang simpleng pagbabago ng tunog o anyo ang ginawa sa mga salitang ito. Ang mga baryasyong ito ay naglalaman ng mga katangiang nagpapakita ng pagkamalikhain, humor, at kritikal na pag-angkin sa kapangyarihang lingguwistiko. Sa pamamagitan ng *swardspeak*, ang mga salitang pagmumura ay nawawala ang orihinal nitong talim at nagiging bahagi ng kabaklaan bilang kolektibong identidad. Sa halip na gamitin lamang ito para saktan, ang mga ito ay ginagamit din bilang ekspresyon ng pagkabigla, pagkatuwa, o pakikiisa sa kapwa bakla. Halimbawa, ang pagsasabi ng *"shuta ka, gurl!"* ay maaaring hindi na insulto kundi ekspresyon ng pagkakabiruan o lambing.

Ayon sa ilang pag-aaral sa sosyolingguwistika, ang ganitong uri ng pagbabago ng wika ay isang paraan ng "linguistic resistance" o pagtutol sa dominanteng gamit ng wika ng lipunan. Ibig sabihin, sa halip na tanggapin lamang ang itinatakdang anyo at kahulugan ng mga salita, binabago ito ng mga bakla upang umangkop sa kanilang pangangailangan, sensibilidad, at kultura. Sa gayon,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ang pagmumura ay hindi lamang anyo ng galit o pagkadismaya kundi isang masalimuot na kasangkapan sa pagpapahayag ng sarili, sa pagbibiro, at sa pagbubuo ng komunidad.

Makikita rin dito ang intertekstuwalidad at kabatiran ng mga bakla sa kultura ng masa at midya—madalas ay pinaghahalu-halo ang mga banyagang salita, pangalan ng artista, at mga popular na termino upang makabuo ng isang makulay at natatanging diskurso. Ang paggamit ng mga salitang tulad ng *"shungalyndingdong"* (na halatang may sanggunian sa aktor na si Dingdong Dantes) ay nagpapakita ng pagkamalikhain at pagiging mapaglaro ng wika ng mga bakla.

Sa kabuuan, ang pagmumura sa diskursong bakla ay hindi lamang dapat ituring na kabastusan kundi bilang isang makabuluhang bahagi ng kanilang kultura. Isa itong anyo ng *linguistic subversion*—isang paraan upang muling bigyang-hugis ang wika ayon sa kanilang karanasan, katauhan, at pananaw sa mundo.

**Linguistikong Adaptasyon at Etimolohiya ng mga Salitang Pagmumura sa Gaylinggo**

Ang mga salitang pagmumura sa gaylinggo ay hindi basta likha ng imahinasyon kundi may malalim na pinagmulan sa kasaysayan ng wika, kolonyalismo, at sosyokultural na realidad ng mga Pilipino—lalo na ng mga nasa laylayan gaya ng mga bakla. Sa puntong ito, mahalagang talakayin ang *etimolohiya* ng mga salitang karaniwang ginagamit sa pagmumura, pati na ang mga anyo nitong nabago sa konteksto ng gaylinggo.

**1. "Shuta", "Shutaca", "Shutabelz"**

Ang mga salitang ito ay mula sa salitang Kastila **"hijo de puta"**, na nangangahulugang "anak ng puta." Sa proseso ng *phonological simplification* at *adaptasyon*, ang parirala ay pinaikli, pina-Tagalog, at nilagyan ng kaswal na porma upang bumagay sa oral na kultura ng kabaklaan. Mula sa "p" ng *puta*, naging "sh" ito sa gaylinggo, alinsunod sa karaniwang tuntunin ng pagbabagong tunog. Dagdag pa rito ang mga elementong gaya ng "-ca" at "-belz" na ginagamit sa gaylinggo upang maging mas mapaglaro o sosyal ang porma.

**2. "Potangina", "Potek", "Amputa"**

Ang salitang **"putang ina"** ay orihinal na Kastilang "puta" (prostitute) + "ina" (mother), na literal na nangangahulugang "ina mong puta." Isa ito sa pinakamabigat na sumpa sa wikang Tagalog, na naipasa mula sa panahon ng pananakop ng Espanya. Ang gaylinggo ay nagkaroon ng mga baryasyon nito tulad ng *"potek"* (pinaghalong "pota" at "tek" bilang pagpapaikli) at *"amputa"*, na pinaikling "anak ng puta." Ang pagbabagong ito ay nagpapakita ng intensyon ng mga bakla na gawing mas mabisa ngunit mas *"digestible"* ang insulto.

**3. "Shutangina", "Shutanginamers", "Shutainames", "Potanginamerls", "Pukinangina shit"**

Ang mga ito ay mas malalim na pagbubuo mula sa *putang ina*, ngunit gamit ang gaylinggo technique na pinagsasama ang morpemikong humor (hal. "-mers", "-names") at phonological

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

transformation (hal. “sh” sa halip na “p”). Ang “-mers” at “-names” ay kadalasang *affixal play* na hango sa mga sosyal na tunog ng Ingles, minsan ay may kultural na ugnayan sa mga pangalan ng artista o sosyaling anyo ng pananalita. Sa ganitong paraan, ang karaniwang mura ay nagiging satirikong komento o birong may subersibong dating.

**4. “Gaga”, “Geyga”, “Gagi”**

Mula sa salitang Tagalog na **“gago”**, na may ugat sa wikang Espanyol na “galgo” (na dating tumutukoy sa mga lalaking hangal o bastos). Sa modernong Tagalog, ito ay nangangahulugang “tanga” o “ulol.” Sa gaylinggo, binago ito batay sa kasarian o para lang mapalambot: *“gaga”* (karaniwang pambabae), *“geyga”* (gamit ang *phonetic stylization*), at *“gagi”* (isang epektibong *vowel shift*).

**5. “Bobita”, “Dulva”, “Shunga”, “Shungalyndingdong”, “Shungaers”**

Ang salitang **“bobo”** ay may hindi tiyak na pinagmulan, ngunit posible itong hango sa salitang Kastila rin na *“bobo”* na nangangahulugang hangal. Ginamit ito ng mga Espanyol bilang insulto sa mga “hindi marunong magsalita” o mga taong hindi edukado. Ang gaylinggo ay bumuo ng mga anyo gaya ng *“bobita”* (gamit ang pambabaeng “-ita”), *“dulva”* (marahil ay hango sa pagbuo ng bagong tunog na sosyal ang dating), at *“shunga”* (isa pang morpema na nagpapahiwatig ng kabobohan). Ang *“shungalyndingdong”* at *“shungaers”* ay *humorous lexical expansions*, kung saan ang mga pangalan ng artista (hal. Dingdong Dantes) ay ginagamit bilang pantawid o pampaganda ng tunog.


**6. Tungkol sa Pagbabago ng Tunog (Phonological Shift)**

Isa sa mga pinakakilalang katangian ng gaylinggo ay ang **phonological substitution**, partikular ang pagpapalit ng mga tunog tulad ng /p/ at /b/ tungo sa /sh/. Ayon sa mga lingguwistikong pag-aaral, ito ay hindi lamang estetiko kundi may epekto rin sa *pragmatics* ng wika—binabawasan nito ang tapang ng insulto at binibigyan ito ng *campy*, *performative*, at madalas ay komikal na interpretasyon. Sa gayong paraan, ang gaylinggo ay nagiging pananggalang, pakikipagkapwa, at paraan ng pagbubuo ng pagkakakilanlan.

Sa kabuoan, ang gaylinggo ay isang matibay na patunay ng kakayahan ng wika na makiayon sa pangangailangan ng isang partikular na grupo. Ang mga salitang pagmumura ay hindi lamang pagbabalat-kayo ng kabastusan kundi representasyon ng *cultural resistance*, *linguistic creativity*, at *socio-political negotiation*. Sa pamamagitan ng pagbubuo ng sariling wika, muling inangkin ng komunidad ng mga bakla ang mga salitang dati’y nakakasakit, upang ito ay gamitin sa paraang nagpapalakas, nagpapasaya, at nagbubuklod sa kanila.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Paghango ng mga Homoseksuwal sa Salitang Pagmumura**




***Figyur 2.*** *Word Cloud ukol sa paghango ng mga Homoseksuwal sa Salitang Pagmumura*

Nakabatay sa mga panayam ng kalahok na nakapaloob sa katanungan na mahihinuha sa mga salitang lumabas gamit ang voyant tools ay ekspresyon, emosyon, sitwasyon, nakasanayan, damdamin ,galit ang kadalasang naisagot ng mga kalahok. Ipinakikita sa resulta na ito ay ang pagsambit ng pagmumura ng mga homosexual ay namumutawi lamang kung ano ang kanilang partikular na nararamdaman at nararanasan.

*"Nasasambit nila ito dahil nadadla sila sa emosyon at nakdepende sa sitwasyon", "Nasasambit nila ang pagmumura dahil kapag galit ang isang tao o nawawalan ng kontrol ay nakakapag mura ito."*

Ang kakayahan ng tao na makapagsalita ay isang kumplikadong proseso na resulta ng ebolusyon at nagbibigay-daan sa kanya upang makipag-komunika sa iba. Maraming pag-aaral ang nagsasabi na ang pagsasalita ay malapit na kaugnay sa ekspresyon ng damdamin at kilos. Narito ang ilang mga pag-aaral at teorya na magpapatunay sa koneksyon ng pagsasalita at ekspresyon.

Ayon sa Teorya ni Charles Darwin sa Ekspresyon ng Emosyon: Sa kanyang aklat na "The Expression of the Emotions in Man and Animals" (1872), ipinahayag ni Darwin na ang mga ekspresyon ng emosyon ay mahalaga sa komunikasyon ng tao. Bagaman hindi direktang tumutukoy sa pagsasalita, ang teorya ni Darwin ay nagpapakita ng ebolusyonaryong kahalagahan ng ekspresyon bilang bahagi ng pakikipag-komunika.

Ayon sa teoryang Embodied Cognition Theory, ang kognisyon ay hindi lamang umiiral sa utak, kundi sa buong katawan. Ibig sabihin, ang pagsasalita at pag-iisip ay malapit na kaugnay sa pisikal na kilos at ekspresyon. Halimbawa, ang mga kilos ng kamay at facial expressions ay kadalasang kasabay ng pagsasalita, na nagpapakita ng integrasyon ng wika at pisikal na ekspresyon.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ayon din kay Lindquist et al. (2012), ang pananaliksik na ito ay nag-examine ng neural basis ng emosyon at wika. Ipinapakita na ang mga rehiyon ng utak na nauugnay sa pagproseso ng emosyon, tulad ng amygdala at prefrontal cortex, ay aktibo rin kapag ang isang tao ay nagsasalita tungkol sa kanilang emosyonal na karanasan. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng integrasyon ng wika at emosyon sa antas ng neural.

**Kultura sa Likod ng Salitang Pagumura**




***Figyur 2.*** *Word Cloud ukol sa rason ng paggamit ng mga salitang homoseksuwal*

Mula sa mga tugon ng mga kalahok lumabas ang mga salitang nasa figyur. Batay sa mga lumabas na mga salita gamit ang voyant tool, mahihinuha na ginagamit ng mga homoseksuwal ang kanilang wika upang maikubli o maitago ang tunay na kahulugan ng mga salitang kanilang sinasambit. Taliwas ito sa inilabas ni Halliday (1975) na 'interaksyunal' na tungkulin ng isang wika. Ayon sa lingguwista, ang wika ay nakapagtatatag ng relasyong sosyal dahil isa itong behikulo ng pagkauunawaan.

Karamihan sa mga salitang swardspeak o gaylinggo na ito ay ginagamit minsan sa mga pampublikong lugar kasama ng mga kaibigan, at sa mga pagkakataon o sitwasyon kung saan kailangan nilang sumama, makilahok, o sumali sa isang grupo (Gregorio et, al., 2023). Ang sintaks ng bekimon ay nakabatay kung saang lugar ito sinasalita (Hernandez, n.d.).

| TUGON | BILANG NG TUGON | SIPING PAHAYAG |
|---|---|---|
| para maitago ang tunay na kahulugan | 53 (44.17%) | "Kadalasan naming ginagamit ang mga ito kasi nais naming maitago ang tunay na kahulugan ng mga sinasabi namin para hindi kami mamis-interpret" I18 |
| Upang hindi maintindihan ng iba | 42 (35%) | "sinasabi naming ito para hindi kami maintindihan ng mga ibang taong nasa ibang komunidad" I37 |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| sadyang nilalayo ang tunay kahulugan | 25(20.83%) | "Ginagamit naming ang mga ito upang ilayo talaga sa tunay na kahulugan kasi kung tutuusin ekspresyon na lang naming ito e," I76 |

***Talahanayan 2.*** *Tugon ng mga kalahok hinggil sa dahilan sa pagpapahayag ng mga salitang gamit ng homoseksuwal*

Sa pananaw ni Hernandez (n.d) na kung saan sinasabing ang wika ng mga bakla ay isang proseso sa mga danas ng komunidad at itinatago nito ang tunay na anyo ng mga salita upang hindi maintindihan. Sa ganitong sitwasyon, malayang nagkakaintindihan ang mga homoseksuwal ang kanilang mga obserbasyon, karanasan, at buhay sa lipunan nang hindi naiintinidihan ng mga heteroseksuwal sa kanilang paligid. Sinasang-ayunan ito ni Moral (2022) sa kaniyang pananaliksik. Ayon sa kaniya, layon ng mga homoseksuwal na maprotektahan ang kanilang mga sarili mula sa pananakit ng kahihiyan sa lipunan kung kayat nagtatag sila ng sariling wika.

Makikita ang kultura ng mga bakla sa kanilang paggamit ng gaylinggo na ang pangunahing layunin ay ikubli ang tunay na kahulugan at damdamin ng isang salita. Masasalamin na ang mga karanasang panlipunan ng mga nagsasalita ng 'gay language' ay direktang nakaugnay sa pagkamalikhain at lalim ng kanilang pagbuo. Kung mas malawak ang kanilang karanasan sa lipunan, mas magiging kakaiba at kumplikado ang kanilang pagbuo ng salita at kanilang mga pagbigkas (Bagood at Silvano, 2018).

Pansinin ang pahayag sa ibaba:

*"Ginagamit namin ang gaylinggo kung may salita kaming hindi naming nais ipaunawa sa ibang tao. Hindi lamang sa pang-aasar, o pangungutya kundi sa lahat ng pagkakataon. Kasi baka mahusgahan lamang kami kung kayat pinipili nalang naming na ikubli ito"*

Samakatuwid, ang kanilang naunang karanasan sa lipunan ang siyang nag-udyok sa mga baklang nagsasalita ng 'gaylinggo' na itago ang tunay na kahulugan ng kanilang pang-uuyam nang sa gayon ay hindi kaagad maunawaan ng ibang grupo na labas sa kanilang kultura.

Bagaman ang sintaksis ng bekimon o gaylinggo ay nakabatay sa lugar kung saan ito sinasalita magkaiba man ang lugar, pareho naman ang tunguhin ng iba-ibang bakla na ikubli ang tunay na kahulugan ng salita.

## IV. Kongklusyon

Buhay ang wika at nagbabago, ito ang patunay kung bakit may mga nalilikhang bagong salita. Isa na rito ang gaylingo na kung saan kabilang sa mga nalilikha ay ang mga salita na may kinalaman sa pagmumura. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumitaw ang mga salitang shuta' ,'shutaca', shutabelz, , potek, amputa, ; 'putang ina' na may baryasyong 'potanginamerls', Shutanginamers, shutangina, shuta inames, bwakinangina, pukinangina shit, ; 'gago' na may mga baryasyong 'gaga', 'geyga', 'gagi'; at 'bobo' na may baryasyong 'bobita', 'dulva' ,shunga,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

'shungalyndingdong', 'shungaers' na pinakakaraniwang ginagamit sa tuwing sila ay nagmumura. Ang mga salitang ito ay nababanggit lamang bunga ng kanilang matinding emosyon lalo na ang galit. Upang mailabas ang matinding emosyong nararamdaman, nababanggit ng mga kalahok sa pag-aaral ang mga salitang ito. Layunin ng mga nasa homoseksuwa sa paggamit ng mga salitang ito ay maikubli o maitago ang tunay na kahulugan ng mga salitang kanilang sinasambit. Ang pagmumura sa gaylinggo ay dapat kilalanin bilang bahagi ng mas malawak na diskurso ng wika at kapangyarihang panlipunan. Isa itong patunay na kahit ang mga pinakakaraniwang ekspresyon ay maaaring baguhin, paglaruan, at gamitin bilang anyo ng paninindigan, pagkakaibigan, at pag-angkin sa sariling tinig sa lipunan.

## V. Rekomendasyon

**Mula sa naisagawang pag-aaral, inererekomenda ng mga mananaliksik ang sumusunod:**

1. Makabuo ng isang diksyunaryo tungkol sa mga salitang pang-uuyam na magiging gabay ng mga gurong nagtuturo ng wika upang mas maging epektibo at inklusibo ang pagtuturo ng wika sa mga paaralan, inirerekomendang makabuo ng isang komprehensibong diksyunaryo ng mga salitang pang-uuyam, partikular na ginagamit sa gaylinggo o swardspeak, na siyang magagamit ng mga guro sa pag-unawa at pagpapaliwanag ng mga salitang mayroong ibang kahulugan sa komunidad ng mga LGBTQ+ upang magkaroon ng kaliwanagan sa pagitan ng ibang komunidad.

2. Magkaroon ng Pag-aaral at Pagsasama ng Wika ng LGBTQ+ sa Mga Pananaliksik sa Wika at Lipunan. Hinihikayat ang mga mananaliksik sa larangan ng sosyolingguwistika, komunikasyon, at kultural na pag-aaral na masusing pag-aralan ang gaylinggo, hindi lamang bilang kabighaniang lingguwistiko, kundi bilang kasangkapan sa pagbuo ng komunidad, pagpapahayag ng damdamin, at paglaban sa marginalisasyon.

## REFERENCES

[1] Alberto et,al. (2024) . Pormulasyon ng Salitang Balbal ng mga LGBTQIA+ Sa LMNHS .www.semanticscholar.org
[2] Amante, I. (2021). Semiotic Analysis on Gay Lingo Expressions. Asian Journal of Advanced Multidisciplinary Researches. ISSN: 2782- 9057. msubuug.edu.ph
[3] Bagood, E.T., & Silvano, M.M. (2018). Gay Language Morphosyntactic Anatomy: A Tandaganon Sociolect. International Journal of Research, 5, 407-441.
[4] Bediones, Gray (2018). Bekilipino: "Ang Paglaladlad ng Gay Lingo sa Kultura at Wikang Filipino". www.academia.edu
[5] Bryman, A., & Bell, E. (2007) .Business Research Methods, 2nd edition.Oxford. University Press

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[6] Catria, M. (2021). Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam para sa Mga Imbestigasyon atPangangalap ng Impormasyon. https://www.apt.ch/sites/default/files/publications/apt_PoEI_FIL_02.pdf
[7] Cortez, H (2017). Gay language: Impact on colloquial communication in Barangay Sto.Tomas, City of Binanm Laguna. JSSarticle16,6_2_pp375-382 (centreofexcellence.net)
[8] Gregorio, J.A., Briol, S.M., Miraflores, R.M., & Biray, E.T. (2023). Swardspeak as a Communication Medium Among University Students: Empirical Evidence from the Philippines. International Review of Social Sciences Research.
[9] Hernandez, Jesus Federico C.(2010) "Pasók sa Banga: Ang mga Sosyolek bilang Batis ng mga Salita sa Filipino," sa Sawikaan 2010: Mga Salita ng Taon. 127-139. Quezon City: University of the Philippines Press, c2011.
[10] N. Susandi, Ni Putu Rusanti, I. Sutrisna (2018). Gay Language in Bali (Sociolinguistics Study on Homosexual and Bisexual Men in Bali www.semanticscholar.org
[11] Nuncio, R. et.al. (2021). Okla and Jugels: A Comparative Analysis of the Construction of Popular and Hiligaynon Gay Words. researchgate.net
[12] Pamittan, G. et.al. (2017). Kaloka, Keri, Bongga: Pakahulugan at Pahiwatig ng Gay Language sa mga Piling Pelikula ni Vice Ganda. 2017-01-Demeterio.pdf (plarideljournal.org)
[13] Reynaldo Moral (2022). Stylistics Variations: An Understanding of Language of Gay People Based on Phonemic Diphthongs. DOI:10.54646/bijsshr.001 . www.researchgate.net
[14] Romero, Ramea Maestrecampo (2019). Gay Lingo as Reflection of Social Identity. .27-4-2019.2285374
[15] Romero, R. (2019). Gay Lingo as Reflection of Social Identity. Philippine Normal University Visayas. ELLiC 2019: Proceedings of the 3rd English Language and Literature ... - Google Books
[16] Tenny et. al. (2022) . Qualitative Study. National Library of Medicine, National Center for Biotechnology Information. Hinango mula sa https://www.ncbi.nlm.nih.gov/books/NBK470395/#__NBK470395_ai__.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved